# ANG EDUKASYON SA PANAHON NG PANDEMYA, ANG PAGSILAY SA KABILANG BAHAGI NITO

*by:*
**Elmer Roy M. Malanum**
*T III Mariveles National High School – Malaya*

Hindi lingid sa ating lahat ang mga naging sanhi at dulot ng pandemya sa pagpasok ng taong 2020. Mahirap man o mayaman, lahat tinamaan. Sa isang iglap, nabago ang lahat. Sa kabuuang pagtataya lalo't higit sa usaping pang-ekonomiya at pang-kalusugan, nagdulot ito ng matinding pasakit at perhuwisyo sa buong mundo. Ang unang pagkakataon na nalugmok ang daigdig maging ang mga pinakamayayaman at pinakamakapangyarihang bansa. Hindi usapin ang salapi at kapangyarihan kundi usapin ng pagtanggap, pagtalima at pagbangon. Ang maliwanag na ating nasaksihan - kamatayan, pagkaratay sa sakit, kagutuman, paghinto ng ekonomiya, madaliang pagbabago sa sistema ng edukasyon at marami pang iba na hindi inasahan ng lahat. Subalit sa kabila ng lahat ng ito, nagpatuloy ang mundo. Niyakap ng lahat ang pagbabago, sa ayaw man o sa gusto. Dito nagsimula ang tinatawag na "new normal."

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Marami man ang nahirapan at patuloy na nahihirapan sa naging dulot ng pandemyang ito, nakita naman ang katatagan at pagkakaisa sa maraming nilalang. Hindi lahat ay pawang kapangitan lamang ang nasaksihan. Hindi lahat ay puro pasakit at paghihirap. Ang katotohanang tayo ay nandito pa sa mundong ibabaw at patuloy na kapiling ng ating mga mahal sa buhay ay patunay na tayong mga tao ay likas na nakaaangat sa iba pang uri ng nilalang. Pinatotohanan ng salitang "resiliency" ang nakita sa bawat bansa. Isa sa mga ating natunghayan na nagpakita ng katatagan at pagbangon sa pagkalugmok nating mga Pilipino ay ang pagyakap natin sa katotohanang ito na ang "new normal." Ang pagpapatuloy ng ating buhay na umiiral sa mga makabagong

sistema na angkop sa pagtugon sa pandemya. Ang lahat ay kumapit sa paniniwalang, matatapos din ang lahat ng ito.

Sa edukasyon, nakita at naramdaman natin ang malaking pagbabago. Subalit wala tayong nagawa kundi ang tumalima. Ang walang "internet connection" ay napilitang magpakabit para sa "online classes." Ang mga magulang na walang panahon sa kanilang mga anak ay naglaan ng oras sa pag-aaral ng kanilang anak dahil sa tinatawag na "modular distance learning." Ilan lamang ito sa mga pagbabago sa sistema ng edukasyon na niyakap at pinagtiyagaang mairaos ng karamihan. Subalit, nakalulungkot mang aminin, marami din ang hindi tumalima sa pagbabagong ito. May mga magulang na sumuko at hinayaan na lamang ang magiging kahihitnatnan ng edukasyon ng kanilang anak. Ito rin ang panahon na ipinagpasalamat ng iba dahil sa nagkaroon na sila ng oras upang mapaglaanan at maipagpatuloy ang kanilang mga nawaglit sa edukasyon kagaya ng "research" at "thesis." Ang iba, sumubok ng "online courses" at naipagpatuloy ang pag-aaral. May mga ilan din na natuwa at nadiskubre ang kanilang kahusayan sa pagsagot sa mga "modules" dahil sa sariling pagsisikap. Mayroon din na naniwalang nakabuti ang pandemya dahil nagkasama-sama sila sa kanilang mga tahanan at nagkaroon ng oras para sa isa't-isa. Nagbukas din ito ng pagkakataon sa marami na muling magkaroon ng komunikasyon sa mga taong malayo sa kanila dahil sa tulong ng "internet connection." Ito rin ang nagsilbing daan upang makagawa ng ilang mga bagay na hindi nila nagagawa sa pangkaraniwang panahon tulad na lamang ng pagluluto, paghahalaman at online selling. Ito ay ilan lamang sa mga naging mabuting dulot ng pandemya sa larangan ng edukasyon, maging sa pamilya at sa pagkatao ng bawat isa. Patunay na hindi naman ang pandemya ang tumapos nang lahat ng bagay sa mundo. Patuloy pa rin na umiral ang buhay ng bawat tao at nakikipaglaban sa mga hamon ng makabagong panahon.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

Dapdap, K., Gayapa, J. C., (2021), Edukasyon sa Panahon ng Pandemya: Mga Hamon at Hinaharap, Manila Today, https://manilatoday.net/edukasyon-sa-panahon-ng-pandemya-mga-hamon-at-hinaharap/

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan